

MGA ADMINISTRATIBONG PATAKARAN AT PAMAMARAAN

TUNGKOL SA: REQUIREMENTS O MGA KINAKAILANGAN PARA
SA PAMAMARAAN AT ABISO
UKOL SA PAGPUTOL NG RESIDENTIAL WATER
SERVICE KAPAG HINDI NAGBAYAD

MAGKAKABISA SA: Pebrero 1, 2020

I. LAYUNIN:

Upang magtatag ng iisang na pamamaraan na susundin para sa pagputol ng residential water service kapag hindi nagbayad.

II. PATAKARAN:

Sa ilalim ng holdings sa isang kaso ng California Court of Appeals¹, iniaatas sa Lungsod na sundin ang pamamaraan sa pagputol ng tubig na nakatakda sa Division 5 ng Public Utilities Code, Sections 10001 *et seq.*, na namamahala sa pagpapalakad ng mga utilidad na pagmamay-ari ng municipal corporations, lalo na ang charter cities. Ang mga pamamaraan na nakatakda rito ay tumutupad sa minimum na statutory requirements (mga pangangailangan alinsunod sa batas) na nakatakda sa Public Utilities Code Sections 10010, 10010.1, at sa SB 998 – ang Water Shutoff Protection Act (California Health and Safety Code 116900 *et seq.*).

Iniaatas ng California Health and Safety Code section 116908(a)(1)(A) na bago putulin ang residential service kapag hindi nagbayad, ang customer na nakapangalan sa account ay tatawagan o padadalhan ng Lungsod ng nakasulat na abiso. Pinili ng Lungsod na kontakin ang customer sa pamamagitan ng nakasulat na abiso.

III. MGA PAMAMARAAN:

A. Billing at Pagpataw ng Late Penalty

¹ *California Apartment Association v. City of Stockton* (2000) 80 Cal.App.4th 699

1. Ang Finance Department ay magpapadala sa mail ng bill para sa water service sa bawat customer bawat buwan. Ito'y dapat bayaran oras na ito'y natanggap.
2. Ang customer ay magkakaroon ng 20-kalendaryong araw na grace period, mula sa petsa na nakasulat sa bill, upang bayaran ang bill bago magpataw ng late penalty.
3. Kung hindi binayaran nang buo sa loob ng grace period (ibig sabihin, bago dumating ng katapusan ng ika-20 kalendaryong araw), ang bill ay ituturing na delinkwente mula petsa na nakasulat sa bill at magpapataw ng sampung (10) porsiyentong late penalty sa delinkwenteng halaga.
4. Kung ipinakita ng isang residential customer na ang household income o kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng federal poverty line, ang interest na singil sa isang delinkwenteng bill, kung mayroon man, ay hindi sisingilin isang beses bawat 12 buwan.

B. Pangunahing Nakasulat na Courtesy Notice (Abiso) ukol sa Pagiging Delinkwente ng Bayad at Parating na Pagputol ng Tubig Kapag Hindi Nagbayad

1. Kung ang bayad ay hindi natanggap sa loob ng grace period, ang customer na nasa tirahan kung saan nagbibigay ng residential service ay padadalhan sa mail ng isang Pangunahing Nakasulat na Courtesy Notice ng Pagiging Delinkwente ng Bayad ("Pangunahing Abiso"). Ang Courtesy Notice ay ipapadala sa/pagkatapos ng ika-21 kalendaryong araw pagkatapos ng petsa na nasa pangunahing bill.

C. Pangalawang Abiso ng Pagiging Delinkwente at Parating na Pagputol ng Serbisyo Kapag Hindi Nagbayad

1. Kung ang bayad ay hindi natanggap sa loob ng 14 kalendaryong araw mula petsa na nasa Pangunahing Abiso, magpapadala sa mail ng Pangalawang Abiso ng Pagiging

Delinkwente at Parating na Pagputol ng Serbisyo Kapag Hindi Nagbayad (“Pangalawang Abiso”) sa customer na naninirahan sa lugar kung saan nagbibigay ng residential service.

D. Panghuling Abiso ng Pagiging Delinkwente at Pagputol ng Serbisyo Kapag Hindi Nagbayad

1. Kung ang bayad ay hindi natanggap sa loob ng 14 kalendaryong araw mula petsa na nasa Pangalawang Abiso, magpapadala sa mail ng Panghuling Abiso ng Pagiging Delinkwente at Parating na Pagputol ng Serbisyo Kapag Hindi Nagbayad (“Panghuling Abiso”) sa customer na naninirahan sa lugar kung saan nagbibigay ng residential service.
2. Alinsunod sa California Health and Safety Code seksyon 116908(a)(1)(C), isusulat sa Panghuling Abiso ang lahat ng sumusunod na impormasyon:
 - a. Ang pangalan at address ng customer.
 - b. Ang delinkwenteng halaga.
 - c. Ang petsa kung kailan kinakailangan ang bayad o payment arrangement upang maiwasan ang pagputol ng residential service.
 - d. Paglalarawan ng proseso para mag-apply para sa isang extension ng panahon upang mabayaran ang mga delinkwenteng singil.
 - e. Paglalarawan ng pamamaraan upang ipetisyon ang pagrebyu at pag-apela ng bill
 - f. Paglalarawan ng pamamaraan para makapag-request ang customer ng isang deferred, mas mababa, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad, kabilang ang amortization ng delinkwenteng singil sa residential service.

- g. Ang pamamaraan para makakuha ang customer ng impormasyon tungkol sa availability ng pinansyal na tulong, pribado, local, state o federal source, kung naaangkop.
 - h. Ang iminumungkahing petsa ng pagputol ng serbisyo ay magiging 60 kalendaryong araw man lamang mula sa petsa na nasa pangunahing bill at pitong (7) araw ng negosyo man lamang mula sa petsa ng Panghuling Abiso.
- 3. Ang Panghuling Abiso ay nakasulat sa Ingles, sa mga wikang nakalista sa Seksyon 1632 ng Kodigo Sibil, at ano pa mang ibang wikang sinasalita ng 10 porsiyento o higit pang mga customer na naninirahan sa water system service area ng Lungsod.
 - 4. Kung ang address ng customer ay hindi kapareho ng address ng property kung saan ibinibigay ang residential service, ang Panghuling Abiso ay ipapadala rin sa address ng property kung saan nagbibigay ng service, at ito’y ipapangalan sa “Occupant” o “Naninirahan.”
 - 5. Nakasulat sa abiso na ang Naninirahan ay may karapatang maging customer, at na siya ang sisingilin para sa serbisyo, nang hindi niya kinakailangang bayaran ang anumang halaga na maaaring hindi pa nababayaran para sa delinkwenteng account.

E. **Karagdagang Courtesy Notifications**

- 1. Sa parehong araw kung kailan magpapadala sa mail ng Panghuling Abiso, gagawa rin ng automated courtesy call sa telepono na mag-uutos sa customer na tumawag sa Finance Department hinggil sa status ng kanyang utility accounts.

F. **Pagputol ng Residential Water Service Kapag Hindi Nagbayad**

- 1. Kung hindi binayaran ng delinkwenteng customer ang bayad na kinakailangan, o kung hindi siya nag-request ng appeal o nag-

request ng kasunduan sa pagbayad para sa mga singil na hindi pa nababayaran, ang water service ay puputulin ng Public Works Department sa petsang nakapahayag sa Panghuling Abiso.

- a. Ang petsa ng pagputol ng serbisyo ay magiging 60 kalendaryong araw man lamang mula sa petsa na nasa pangunahing bill at pitong (7) araw ng negosyo man lamang mula sa petsa ng Panghuling Abiso.

G. **Ipinagbabawal na Pagputol ng Residential Water Service Kapag Hindi Nagbayad**

1. Ang pagputol ng residential water service kapag hindi nagbayad ay ipinagbabawal sa mga sumusunod na kaso:

- a. Habang pending ang isang appeal
- b. Kapag may pending na imbestigasyon ng Lungsod dahil sa reklamo ng isang customer.
- c. Kapag ang customer ay binigyan ng extension ng panahon para bayaran ang isang bill.
- d. Kapag may certification mula sa primary care provider dahil may pagbabanta sa buhay o malubhang pagbabanta sa kalusugan at kaligtasan ng isang taong naninirahan sa lugar.

(1) Isusumite ng customer, o tenant ng customer, ang sertipiko ng primary care provider kung saan nakapahayag na ang pagputol ng residential service ay magiging mapanganib sa buhay, o magiging malubhang pagbabanta sa kalusugan at kaligtasan ng isang taong naninirahan sa lugar kung saan naglalaan ng residential service, at

(2) Ipinapakita ng customer na siya'y hindi makapagbayad para sa serbisyo sa loob ng karaniwang billing cycle, at ang customer ay handang pumasok sa

isang amortization agreement, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o plan para sa deferred o mas mababang bayad hinggil sa lahat ng mga delinkwenteng singil.

- i. Ang customer ay ituturing na hindi makapagbayad para sa residential service sa loob ng karaniwang billing cycle ng Lungsod kapag may sino mang miyembro ng sambayanan ng customer ang kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, general assistance, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o ipinahayag ng customer na ang taunang kita ng sambahayan ay hindi umaabot ng 200 porsiyento ng federal poverty level.

(3) Kung natutupad ang mga kondisyon d.1. at d.2., iaalok ang Lungsod sa customer ng isa sa mga sumusunod:

- i. Amortization ng balance na hindi pa nababayaran.
- ii. Paglahok sa isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad.
- iii. Bahagi o buong pagbawas ng hindi pa nababayaranang balance na na-finance nang walang mga karagdagang singil sa ibang rate payers.
- iv. Pansamantalang deferral ng pagbayad.
- v. Maaaring piliin ng Lungsod kung aling mga opsyon sa pagbabayad ang magagamit ng customer, at maaaring itakda ng Lungsod ang opsyon sa pagbabayad na iyon, kung saan ang

repayment ay sa loob ng 12 buwan, maliban na lamang kung kinakailangan ang mas matagal na panahon upang hindi sobrang mahirapan ang customer, batay sa kanyang indibidwal na kaso.

vi. Ang serbisyo ay maaaring putulin makaraan ang 5 araw ng negosyo pagkatapos magpaskil ng Pinakahuling Abiso sa isang madaling makitang lugar sa property, sa ilalim ng alinman sa mga sumusunod na pangyayari:

(a) Hindi tinupad ng customer ang amortization agreement, ang alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o deferral o pagbawas sa payment plan para sa mga delinkwenteng singil nang mahigit pa sa 60 araw; o kaya

(b) Habang tinutupad ang isang amortization agreement, ang isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o isang deferral o pagbawas sa payment plan para sa mga delinkwenteng singil, hindi binayaran ng customer ang kanyang mga kasalukuyang singil sa residential service nang 60 araw o mahigit pa.

vii. Sa anumang Sabado, Linggo, piyesta opisyal, o kahit kailan kapag hindi bukas ang tanggapan ng Finance Department sa publiko.

H. **Multi-unit o Multi-tenant Residential Structures**

1. Ang multi-unit o multi-tenant residential structures o mobile home parks kung saan naglalaan ng water service sa pamamagitan ng isang master meter ay mapapailalim sa parehong proseso ng delinquency tulad ng para sa single residential customers.

2. Matatanggap ng multi-unit customers ang lahat ng tatlong abiso para sa past due at termination/pagputol ng serbisyo. Ang Public Works Department ay magpapaskil ng karagdagang Abiso ng Pagiging Delinkwente at Parating na Pagputol ng Serbisyo sa pintuan ng bawat naninirahan, 14 araw man lamang bago nito putulin ang serbisyo.
3. Kung hindi makatwirang gawin o hindi praktikal na magpaskil ng abiso sa pintuan ng bawat residential unit sa ilalim ng Seksyon 2 sa itaas, magpapaskil ang Public Works Department ng limang (5) kopya ng Abiso ng Pagiging Delinkwente at Parating na Pagputol ng Serbisyo sa bawat accessible na common area at sa bawat entrance ng gusali o mga gusali.
4. Kasama rin sa Abiso ng Pagiging Delinkwente at Parating na Pagputol ng Serbisyo para sa multi-unit at multi-tenant residential structures o mobile home parks ang sumusunod na impormasyon:
 - a. Kapag ang account ay hindi pa nababayaran.
 - b. Ang service ay puputulin sa ipinahayag na petsa.
 - c. Ang mga naninirahan ay maaaring maging mga customer, at kung ganoon, ang mga naninirahan ay sisingilin para sa water services. Upang gawin ito, ang mga naninirahan ay dapat sumang-ayon sa mga tadhana at mga kondisyon ng serbisyo at dapat natutupad nila ang requirements o mga kinakailangan sa ilalim ng mga patakaran at tariffs ng Lungsod.
 - d. Hindi kinakailangang bayaran ng mga naninirahan ang delinkwenteng halaga.
 - e. Ang kailangang gawin ng residential occupants upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo o upang ibalik muli ang serbisyo.

- f. Ang title, address, at telepono ng isang representative ng Finance Department na makakatulong sa residential occupants sa pagpapatuloy ng serbisyo.
 - g. Ang address at telepono ng legal services project na inirekomenda ng local county bar association.
- 5. Ang residential water service ay maaaring putulin makalipas ng 7 araw ng negosyo pagkatapos magpaskil ang Lungsod sa isang madaling makitang lugar sa property ng Pinakahuling Abiso na nagpapahayag na balak nitong putulin ang serbisyo para sa alinman sa mga sumusunod na kaso:
 - a. Hindi tinupad ng customer ang alternatibong iskedyul ng pagbabayad para sa mga delinkwenteng singil nang 60 araw o mahigit pa.
 - b. Habang tinutupad ang alternatibong iskedyul ng pagbabayad, hindi binayaran ng customer ang kanyang mga kasalukuyang singil sa residential service nang 60 araw o mahigit pa.
- 6. Ang sino mang residential customer na nagsimulang magreklamo, nag-request ng appeal, o nag-request ng kasunduan para sa pagbabayad ay bibigyan ng pagkakataong ma-review ng Finance Department ang binanggit na reklamo, imbestigasyon, o kasunduan sa pagbabayad.
- 7. Isasaalang-alang sa review sa ilalim ng Seksyon 6 kung ang customer ay pahihintulutang magsimula ng kasunduan sa pagbabayad ng delinkwenteng balance sa account sa loob ng isang makatwirang panahon na hindi lalampas ng 12 buwan.
- 8. Hindi puputulin ang serbisyo para sa sino mang customer na tumutupad sa kasunduan sa pagbabayad, basta patuloy ring binabayaran ng customer na iyon ang account tuwing may singil sa bawat kasunod na billing period.

I. **Pagbalik ng Serbisyo**

1. Kung pinutol ang serbisyo, dapat magbayad ng service fee na nagkakahalaga nang hanggang \$75 upang ibalik ang service. Kung walang deposit na kasalukuyang nasa account, maaaring mangailangan ng tatlong (3) buwang security deposit.

J. **Mga Opsyon Upang Maiwasan ang Pagputol ng Residential Water Service**

1. Upang matulungan ang mga customer na maiwasan ang pagputol ng residential water service, ang Lungsod ay handang talakayin ang mga sumusunod na opsyon:
 - a. Mga alternatibong iskedyul ng pagbabayad;
 - b. Deferred payments;
 - c. Minimum payments
 - d. Amortization ng mga balance na hindi pa nababayaran

INAPRUBAHAN:

City Manager